Tagalog

Vol.37 | 2023.12



Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



Wikang Hapon para sa Elderly Care



Kurso sa Wikang Hapon para sa mga Beginners

## 【Mag-aral Tayo ng Wikang Hapon na Gagamitin sa Trabaho sa Elderly Care!】

Pag-aaral ng "wikang Hapon para sa elderly care" at "Pakikipag-komunikasyon sa mga Hapon sa Trabaho" para magkaroon ng kapanatagan ng loob sa pagtatrabaho ang mga taong interesado sa trabaho sa elderly care o mga taong nagsimula na ng trabaho sa elderly care.

Enero 16, 23, 30, Pebrero 6, 13, 20, 27, 2024 (Tuwing Martes) 6:30 pm - 8:30 pm

Libre　20 katao

## 【Kurso sa Wikang Hapon para sa mga Beginne】

Ito ay isang klase para sa mga taong mag-aaral ng wikang Hapon sa unang pagkakataon upang sila ay makapag-aral ng pagbabasa, pagsusulat, at simpleng pang-araw-araw na pakikipag-usap sa wikang Hapon.

- Mga pag-aaralan
  - Wikang Hapon na kailangan para sa pang-araw-araw na pamumuhay (Hal. Wikang Hapon na ginagamit sa restawran, ospital, post office, pamimili, at sa mga oras ng sakuna at emerhensiya)
  - Hiragana, Katakana
- Para kanino
  - Alinman sa mga sumusunod: Residente / Nagtatrabaho / Pumapasok sa Paaralan sa Ota City

Enero 15, 18, 22, 25, 29, Pebrero 1, 5, 8, 15, 19, 2024
(Tuwing Lunes at Huwebes maliban sa mga pampublikong holiday) 10:00 am - 12:00 pm

1,500 yen (bayad para sa 10 beses na lectures / textbook / materyales)　15 katao

Ota International Exchange Center (Minto Ota) (Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku)

① WEBSITE

Wikang Hapon para sa Elderly Care

Kurso sa Wikang Hapon para sa mga Beginners

② Tanggapan: Global City Ota Cooperation Association
(Ota International Exchange Center (Minto Ota))

③ E-mail　mail@ota-goca.or.jp

④ FAX 03-6410-7982

Global City Ota Cooperation Association

☎ 03-6410-7981　FAX 03-6410-7982　E-mail　mail@ota-goca.or.jp

···· Kailan　···· Magkano　···· Ilang tao　···· Paano mag-apply　···· Saan　···· Mag-apply sa　···· Makipag-ugnay sa

# 【Tungkol sa Pagkolekta ng mga Recyclable at Basura sa New Year Holidays】

Walang anumang pagkolekta ang magaganap mula Disyembre 31 hanggang Enero 3. Magsisimula ang regular na pagkolekta mula Enero 4 sa simula ng taon. Sa New Year holidays, ang oras at kurso ng pagkolekta ay maaaring magbago nang husto kumpara sa regular na oras, kaya mangyaring itapon ang inyong mga recyclable at basura sa collection point bago mag 8:00 am sa araw ng pagkolekta.

Sanitation Division
☎ 03-5744-1628
FAX 03-5744-1550
E-mail kan-seso@city.ota.tokyo.jp





©Ota City

# 【Mga Pamamaraan para sa Child Allowance sa New Year Holidays】

Ang tanggapan ay hindi makakatanggap ng mga aplikasyon para sa child allowance mula Disyembre 29 hanggang Enero 3. Para sa mga may anak na ipinanganak sa Disyembre o mga lumipat sa buwan na ito, mangyaring mag-aplay sa loob ng 15 araw mula sa araw pagkatapos ng araw ng pagbabago (petsa ng kapanganakan, inaasahang petsa ng paglipat mula sa dating tirahan). Tatanggapin ang mga aplikasyon kahit na hindi kumpleto ang mga nakalakip na dokumento, kaya mangyaring mag-aplay sa loob ng deadline.

Mangyaring mag-aplay sa tanggapan ng Medical Care for Children, Childcare Support Division sa elektronikong paraan o sa pamamagitan ng koreo. Ang mga aplikasyon na maaaring isumite sa Branch Office ay para lamang ga mga aplikasyon para sa paglipat mula sa dating tirahan o panganganak. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

Medical Care for Children,
Childcare Support Division
☎ 03-5744-1275
FAX 03-5744-1525

# 【May Valid Period ang My Number Card】

Para sa mga may nakatakdang panahon ng pananatili, ang expiration date ng panahon ng pananatili ay ang valid period ng iyong My Number Card. Pagkatapos ma-renew ang iyong panahon ng pananatili, mangyaring isagawa ang mga pamamaraan para sa pag-extend ng valid period ng iyong My Number Card bago ang expiration date ng inyong panahon ng pananatili. Kung hindi mo gagawin ang mga pamamaraan, mag-eexpire ang iyong My Number Card. Kung nais mong mag-reissue ng iyong My Number Card pagkatapos nitong mag-expire, kailangan mong bayaran ito.

【Sino ang makakapagsagawa ng mga pamamaraan】
Mismong indibidwal o isang taong nasa parehong sambahayan ng indibidwal (Kapag isang taong nasa parehong sambahayan ng indibidwal ang magsasagawa ng mga pamamaraan, mangyaring hingin ang 4-digit na PIN number mula sa indibidwal)

【Mga dadalhin】
My Number Card, residence card, PIN number
Para sa mga detalye ng mga pamamaraan, mangyaring kumpirmahin ito sa contact information o tingnan ito sa website.

① Household Residents Registry Division Counter 3 sa Ika-1 palapag ng Ota City Office
② Ota City's My Number Card Center

Ota City's My Number Call Center
☎ 0570-03-3370 FAX 050-3737-9318
(Lunes hanggang Biyernes 9:00 am - 5:00 pm Bukod sa New Year holidays)

# 【Pagtatapos ng Espesyal na Eksibisyon sa Paggunita ng Ika-200 Anibersaryo ng Kapanganakan ni Katsu Kaishu ~Sa Senzokuike Pond, isang lugar kung saan makakapagpahinga】

Sa taong ito, minamarkahan ang ika-200 na anibersaryo ng kapanganakan ng Katsu Kaishu, at ang museo ay may espesyal na eksibit para sa paggunita. Ipapakita namin sa inyo ang ugnayan sa pagitan ni Kaishu at ng Senzokuike Pond, Ota-ku. Ang Senzokuike Pond ay isang espesyal na lugar para kay Kaishu. Sa pamamagitan ng pagtingin sa mga lumang notebook at rekord, makikita ninyo kung ano ang ginawa ni Kaishu sa lugar na ito, at madarama ninyo ang mga saloobin ng pamilya ni kaishu sa kanya pagkatapos niyang mamatay.



Hanggang Marso 10, 2024 (Linggo)
■ Oras na bukas: 10:00 am - 6:00 pm
*Sarado tuwing Lunes (sa susunod na araw kung ang Lunes ay isang pampublikong holiday)
*Mangyaring tingnan ang website ng Ota City para sa mga pinakabagong impormasyon.

Katsu Kaishu Memorial Museum

■ Bayad sa pagpasok: Pangkalahatan 300 yen, elementary at junior high school 100 yen (may iba't-ibang diskwento)

☎ 03-6425-7608　FAX 03-6425-7610

# 【Pakikipag-usap sa Wikang Banyaga (Bersyon sa Britanya)】

Halina't makisaya sa pag-aaral tungkol sa mundo sa pamamagitan ng pakikipag-usap at laro! Maliban sa pagbabasa nang malakas sa wikang Ingles, pag-uusapan din ang tungkol sa pagkakaiba ng kultura ng Britanya at Japan, at magkakaroon tayo ng masayang oras na magkasama.

Disyembre 24, 2023 (Linggo) 10:30 am - 11:30 am


Multipurpose Room, Omori-Minami Library (Ika-2 palapag ng 1-17-7 Omori-Minami, Ota-ku)


Libre

Kapasidad: 20 katao (first come, first served)

Sa telepono, FAX o library counter

Omori-Minami Library
☎ 03-3744-8411
FAX 03-3744-8421



···· Kailan　···· Magkano　···· Ilang tao　···· Paano mag-apply　···· Saan　···· Mag-apply sa　···· Makipag-ugnay sa

# 【Klase sa Suporta sa Pag-aaral ng mga Bata】

Ito ay klase para sa mga estudyante sa elementarya na nag-aaral ng wikang Hapon. Para sa mga hindi nakakaintindi ng wikang Hapon at nahihirapan sa mga takdang-aralin, mangyaring dumalo rito. Sama-sama natin gagawin ang mga takdang-aralin sa paaralan.

- Mga maaaring gawin sa klase
  - Pagtulong sa mga takdang-aralin
  - Pag-aaral ng mga salita sa aklat-aralin
  - Pagbabasa nang malakas ng mga aklat-aralin, atbp.
- Para kanino

  Mga batang mula ika-3 baitang hanggang ika-6 baitang sa elementarya na nakatugon sa mga sumusunod:
  - Naninirahan sa Ota City o pumapasok sa elementary school sa Ota City
  - Mga nahihirapan at nag-aaral ng wikang Hapon


©Ota City

Enero 24, 31, Pebrero 7, 14, 21, 28, Marso 6, 13, 2024 (Tuwing Miyerkules) 3:30 pm - 5:00 pm

Ota International Exchange Center (Minto Ota) (Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata)

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981　FAX 03-6410-7982
E-mail　mail@ota-goca.or.jp

2,400 yen (8 beses sa lahat)　10 katao

① WEBSITE

② Tanggapan: Global City Ota Cooperation Association
(Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku)
③ E-mail　mail@ota-goca.or.jp
④ FAX 03-6410-7982

# 【Tungkol sa Paghingi ng Tawad at Pagwawasto (Vol. 35 (Setyembre 2023 isyu))】

Nagkaroon ng mali sa bilang ng mga wikang sinusuportahan sa "Website ng Ota City at Paalala na ang Portal Site ng Disaster Prevention ay Available sa Iba't Ibang Wika" na inilathala sa Vol. 35 (Setyembre 2023 isyu). Wawastuhin namin ito at humihingi kami ng tawad.
(mali) 121 wika → (tama) 131 wika

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division　☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323


Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

Inilathala　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
Address　〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323


▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)

▼ Multilingual Consultation Desk

Possibleng makita ang back issue ▶